

Ota City Navigation



Tungkol sa Pagpapalabas ng mga Likha sa "OTA Fureai Video Contest"

Ang "OTA Fureai Video Contest" ay isinagawa mula Nobyembre 1, 2020 hanggang Enero 7, 2021 bilang alternatibong proyekto ng OTA Fureai Festa. May 2 uri ng bidyo na inilahok: ang bidyo na may tema na "Fureai" at ang bidyo ng sayaw gamit ang "Tenohira Tatakaeba (Shikuramen)" na awit ng patalastas ng Ota-ku Tourism. Pinili at inanunsiyo ang mga nakatanggap ng grand prize at iba pang premyo mula sa maraming bidyo na lumahok na may temang "Fureai". Maaaring mapanood ang bidyo na nakatanggap ng grand prize sa opisyal na pahina ng Ota-ku sa YouTube na "City Ota Channel". Ang mga lumahok sa bidyo ng sayaw ng "Tenohira Tatakaeba" ay pinagsama-sama sa isang bidyo at ginawang patalastas ng Ota-ku. Ito ay mapapanood sa "Shikuramen Official Channel" sa YouTube. Parehong maganda ang mga bidyo kaya siguraduhing panoorin ang mga ito!

*Natapos na ang panahon ng paglahok sa kompetisyon.



Makipag-ugnay sa

Cultural Promotion Division
 ☎ 03-5744-1226 FAX 03-5744-1539
 E-mail bunka@city.ota.tokyo.jp

Global City Ota Cooperation Association [tanggapan ng konsultasyon sa iba't ibang wika]


Oras na bukas

| Abril 1, 2021~Marso 31, 2022 | |
|------------------------------|---|
| Ingles | Lunes, Martes, Miyerkules, at Biyernes 10:00 am~5:00 pm |
| Intsik | Lunes, Martes, Huwebes, at Biyernes 10:00 am~5:00 pm |
| Tagalog | Lunes at Biyernes 10:00 am~5:00 pm |
| Nepalese | Miyerkules 10:00 am~5:00 pm |
| Vietnamese | Huwebes 10:00 am~5:00 pm |

Mayroon pang ibang wika na maaaring gamitin bukod dito. Kumonsulta lamang. Konsultasyon sa abogado (kailangan ng reserbasyon): Una at ikatlong Lunes 1:00 pm~5:00 pm

Mga maaaring gawin sa tanggapan ng konsultasyon sa iba't ibang wika

- Konsultasyon sa pamumuhay** Maaaring kumonsulta gamit ang iba't ibang wika tungkol sa problema sa salita, mga may kinalaman sa anak, pagpapakasal, diborsyo, trabaho, at iba pa.
- Intpretation** Maaaring magpa-interpret kasama ang interpreter sa tanggapan ng Ota City Office para sa mga proseso ng gobyerno at iba pa.
- Translation** Maaaring ipa-translate ang mga katibayan na ipapasa sa Ota City Office at iba pa. Mayroong service charge. (500 yen kada isang dokumento)



Makipag-ugnay sa

Global City Ota Cooperation Association
 Tanggapan ng konsultasyon sa iba't ibang wika
 Address: 1st Floor Consumer Center 5-13-26 Kamata, Ota-ku
 ☎ 03(6424)8822 FAX 03(5710)6330
 Email info@ota-goca.or.jp

Mag-ingat sa nakawan ng bisikleta.

Maraming nagaganap na insidente ng nakawan ng bisikleta sa Ota-ku. Karamihan sa mga ninakaw na bisikleta ay hindi naka-lock ang susi. Ang bisikleta ay isang konbinyenteng sasakyan na madaling gamitin ngunit madali rin itong manakaw kapag ipinarada nang hindi naka-lock ang susi. Kapag iiwan ang bisikleta kahit sandali lamang, siguraduhing i-lock ang susi. Ang nakawan ng bisikleta ay nangyayari hindi lamang sa kalsada kundi pati na rin sa tirahan at parking area ng bisikleta. Pinakamarami ang insidente ng nakawan ng bisikleta lalo na sa tirahan. Iwasang maging pabaya kahit sa tirahan at sa parking area ng bisikleta at ugaliing i-lock ang susi.



Mabisa ang 2 locks o pag-lock sa 2 lugar para mapigilan ang nakawan ng bisikleta. Nagiging mahirap ang pagnanakaw dahil sa 2 locks kung kaya't mas nagiging mabisa ito para mapigilan ang nakawan. Pigilan natin ang nakawan sa pamamagitan ng 2 locks. Ang pag-lock ng susi ng bisikleta ay ipinag-uutos alinsunod sa ordinansa ng Ota-ku mula Enero 1, 2020. Kapag ipaparada ang bisikleta, huwag kalimutan na i-lock ang susi at protektahan mula sa pagnanakaw ang bisikleta na mahalaga sa atin.

Makipag-ugnay sa

Road Safety and General Bicycle Planning Section,

Urban Infrastructure Development Management Division

☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527 E-mail toshikan@city.ota.tokyo.jp

URL https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/sumaimachinami/jitensha/jitensha_tounan-boushi.html

Introduksyon sa Foreign-language Human Rights Hotline

Mayroon ba sa inyong nababagabag dahil sa problema ukol sa karapatang pantao?

Halimbawa...

- Tinanggihan ang pagpasok sa kumpanya dahil sa pagiging isang dayuhan.
- Inaapi ang anak sa paaralan.
- Tinanggihan ang pagtira sa apartment.

Kung ikaw ay nababagabag sa mga ito, mangyaring gamitin ang "Foreign-language Human Rights Hotline" ng Ministry of Justice.

Maaari itong gamitin sa wikang Ingles, Intsik, Koreano, Filipino, Portuguese, at Vietnamese.



Kailan

Lunes hanggang Biyernes 9:00 am~5:00 pm (maliban sa katapusan at simula ng taon)

Magkano

Libre

Makipag-ugnay sa

Foreign-language Human Rights Hotline (Navi Dial)

☎ 0570-090911

URL <http://www.moj.go.jp/JINKEN/jinken21.html>

Tungkol sa pagtanggap ng mga bisikleta

Hinihiling ng Ota-ku na huwag iwanan sa pampublikong lugar (mga lugar maliban sa parking area ng bisikleta tulad ng kalsada, parke, at liwasan sa harap ng istasyon ng tren) ang bisikleta alinsunod sa ordinansa. **Kapag ipaparada ang bisikleta kahit na panandalian lamang, iparada ito sa parking area ng bisikleta.** Alinsunod sa ordinansa, itinatakda ng Ota-ku ang ilang lugar sa harap ng istasyon ng tren bilang lugar kung saan ipinagbabawal ang pag-iwan ng bisikleta kaya regular na tinatanggal ang mga bisikleta sa nasabing lugar. Ang tinanggal na bisikleta ay karaniwang iniimbak sa imbakan sa loob ng 30 araw. Mangyaring tandaan na ang mga bisikletang lumipas na sa panahon ng pa-iimbak ay itatapon.

Bulletin Board



Imbakan

Mayroong apat na lugar ng imbakan sa Ota-ku. Mangyaring kumpirmahin ang mga sumusunod para sa mga detalye. Mangyaring ihanda at dalhin ang mga kinakailangan na bagay upang maibalik ang iyong bisikleta sa araw ng pagbabalik at sa loob ng oras ng pagbabalik mula sa imbakan.

Outline ng imbakan

Araw ng pagbalik: Lunes hanggang Linggo (maliban sa holiday, inilipat na holiday, Disyembre 29 hanggang Enero 3)
Oras ng pagbalik: 11:00 am hanggang 7:00 pm
Mga kinakailangan na bagay para sa pagbabalik: (1) Mga dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan (Residence card, lisensya, atbp.) (2) Susi ng bisikleta (3) Removal fee (3,000 yen para sa bisikleta)

Mangyaring sundin ang patakaran at manner, at gamitin ito nang tama.

Saan

• Unang imbakan (imbakan sa ilalim ng Heiwajima overpass)

1-2 Heiwajima, Ota-ku ☎ 03-3765-5161
Ang mga bisikletang tinanggal sa rehiyon ng Omori at rehiyon ng Chofu ay dadalhin dito.

• Pangalawang imbakan (imbakan sa ilalim ng Miyako Ohashi-bridge)

5-1 Heiwajima, Ota-ku ☎ 03-3765-5162
Ang mga bisikletang tinanggal sa silangang exit ng istasyon ng Kamata ay dadalhin dito.

• Pangatlong imbakan (imbakan sa ilalim ng Miyako Ohashi)

2-bansaki Heiwa no Mori Park, Ota-ku ☎ 03-3765-5163
Ang mga bisikletang tinanggal sa kanluran ng istasyon ng Kamata at istasyon ng Hasunuma, atbp, ay dadalhin dito.

• Pang-anim na imbakan (imbakan sa ilalim ng Rokugo bridge)

4-30 Nakarokugou, Ota-ku ☎ 03-3736-0372
Ang mga bisikletang tinanggal sa istasyon ng Keikyuu Kamata, istasyon ng Zoshiki, at istasyon ng Kojiya, atbp, ay dadalhin dito.

Makipag-ugnay sa

Road Safety and General Bicycle Planning Section, Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527

Tungkol sa pagbabayad ng residence tax

Nakapagbayad ka na ba ng residence tax (special ward tax / municipal tax) para sa piskal na taon 2020? Bayaran ito kaagad kung hindi pa nababayaran. Mangyaring sumangguni sa homepage ng Ota-ku para sa detalye.



Makipag-ugnay sa

Tax Payment Division
☎ 03-5744-1205 FAX 03-5744-1517 URL <https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/zeikin/>

Pagbukas ng Running Station sa Omori Sports Center!

Ang Running Station ay isang lugar na sentro ng aktibidad ng mga mananakbo. Maaaring gamitin ang mga pasilidad na ikagagalak ng mga mananakbo tulad ng locker, dressing room, at iba pa. Bukod pa rito, mula sa Omori Sports Center ay may 2 uri ng running course, ang 3km at ang 5km. Kaunti lamang ang pagtaas at pagbaba sa course na ito. Mararanasan din ang magandang pagbabago ng panahon at malamig na simoy ng hangin sa paligid ng parkeng puno ng luntian kaya naman dapat talagang subukang tumakbo rito.



| | | | |
|-------------------------|---|----------------------------|--|
| Kailan | 9:00 am~8:00 pm (hanggang 6:00 pm ang huling pagtanggap) *Hindi maaring gamitin sa araw na sarado tulad ng holiday ng bagong taon (Disyembre 29 hanggang Enero 3), kapag may inspeksyon ng pasilidad at kapag naka-pribadong reserbasyon ang buong pasilidad. Mangyaring magtanong sa Omori Sports Center para sa mga detalye. | Magkano | Dressing room: libre, Locker: 100 yen (ibinabalik), Mainit na shower: 100 yen bawat 5 minuto |
| Saan | Omori Sports Center 2-2-5 Omori Hon-cho, Ota-ku 6 na minutong lakad mula sa Keikyū Heiwajima Station | Paraan ng pag-apply | Hindi kailangan ng advance na pag-rehistro. Dumerecho sa reception ng Omori Sports Center sa araw na gagamitin ito. Maaaring gamitin ng kahit sinong 15 taong gulang pataas. *Ang mga bata na wala pang 15 taong gulang ay kailangang samahan ng tagapangalaga. |
| Makipag-ugnay sa | Omori Sports Center Sports Promotion Division ☎ 03-5763-1311 ☎ 03-5744-1441 FAX 03-5744-1539 E-mail sports@city.ota.tokyo.jp URL https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/manabu/sports/ivent/runningstation.html | | |

Tungkol sa Pagbakuna ng COVID-19

Magpapadala ng coupon para sa bakuna.

[Paraan ng pag-rehistro]

Kailangan ng advance na reserbasyon. Nag-iiba ang proseso ng reserbasyon depende sa lugar ng pagbakuna. Mangyaring sumangguni sa listahan ng lugar ng bakuna na kalakip ng ipapadalang abiso.

[Lugar na maaaring magpa-bakuna]

Bukod pa sa itinakdang medical institution, magbukas din ng lugar tulad ng pasilidad kung saan maaaring magpabakuna ang isang grupo.

[Kabayaran sa pagbakuna]

Libre

[Pagkuha ng pahintulot sa pagpapabakuna]

Ang pagpapabakuna ay isasagawa lamang kapag may pahintulot mula sa magpapabakuna.

[Proseso ng pagbakuna]

- ① Matatanggap ang coupon para sa bakuna sa pamamagitan ng koreo
- ② Magpapa-reserba ang mga nais magpabakuna
- ③ Dadalhin ang coupon para sa bakuna at dokumento ng pagkakakilanlan, at pupunta sa lugar ng bakuna
- ④ Sasagutan ang medical questionnaire at isasagawa ang pagbabakuna kung walang problema sa kalusugan

| | |
|-------------------------|---|
| Makipag-ugnay sa | Covid-19 Vaccination Call Center Lunes hanggang Biyernes 8:30 am~5:15 pm Sabado 8:30 am~12:00 pm ☎ 03-6629-6342 URL https://www.city.ota.tokyo.jp/cyuumokujoho/infection/covid19_wakuchin/index.html |
|-------------------------|---|